MAIN LIBRARY
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN, QUEZON CITY
JAN 22 1983

# ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Tomo X Bilang 12 Hunyo 30, 1978

M G A   N I L A L A M A N

37 KAAWAY ANG PINATAY
NG BHB SA GITNANG LUSON p. 1

NILIPOL NG MANDIRIGMANG MORO,
SUMALAKAY NA TROPANG AFP p. 2

NAGRALI ANG MGA TAGA-DAVAO
LABAN SA PAMBOBOMBA NG REHIMEN p. 3

ITINAGUYOD SA MGA DEMONSTRASYON,
DEMOKRATIKONG KARAPATANG BAYAN p. 4

BAKIT TUMAAS ANG PRESYO
NG MANTIKA, SABON, ATBP.? p. 6

MARAMING HUMIHINTO SA PAG-AARAL
DAHIL SA PAGTAAS NG MATRIKULA p. 8

UMANIB SA BHB: 1 TENYENTE,
2 SUNDALO SA S. KABISAYAAN p. 9

LALONG INIIPIT NG REHIMEN
ANG MGA MARALITA NG LUNSOD p. 10

NANGGUGULO SA KAMPUCHEA
ANG MGA IMPERYALISTA p. 11

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## 37 KAAWAY ANG PINATAY NG BHB SA GITNANG LUSON

Patuloy na nag-aani ng mga tagumpay sa sandatahang pakikibaka ang Bagong Hukbong Batan sa Gitnang Luson.

Sa mga operasyong militar ng BHB sa Pampanga, Tarlac at Bataan mula Pebrero hanggang Hunyo, higit sa 37 kaaway ang nalagas at marami sa kanila ang nasugatan.

Nakakuha ng maraming riple at bala mula sa kaaway sa pamamagitan ng tambang, reyd at kumpiskasyon. Sa isang pagkakataon, nasamsam ang mga riple at bala nang wala ni isang putok.

Ayon sa Himagsik, rebolusyonaryong pahayagang masa sa Gitnang Luson, (Hunyo 1978), kabilang sa mga pinatay at pinarusahan ng mga yunit ng BHB ang sumusunod: di-kukulangin sa 22 sundalong PC, walong espia, tatlong reaksyonaryong pulis, dalawang tauhan ng CHDF, isang kontra-rebolusyonaryong kapitan del baryo, at isang kasapi ng bandidong pangkat ng "HMB" ("Hukbong Mapagpalaya ng Bayan").

Naganap ang mga operasyong militar sa mga bayan ng Angeles, Arayat, Porac, San Luis at Sta. Ana, sa probinsya ng Pampanga; sa mga bayan ng Capas at Tarlac, sa probinsya ng Tarlac; at sa mga bayan ng Abucay, Balanga, Hermosa, Morong, Orani at Samal, sa probinsya ng Bataan.

Ang mga operasyong ito ay bahagi ng kampanya ng BHB na lipulin ang maliliit at kalat-kalat na pwersang kaaway, at parusahan ang mga impormer at iba pang masasamang elementong ayaw tumuwid ng landas. Sa mga operasyong katulad nito, nakaaagaw rin ng mga armas ang hukbong bayan.

Ipinapakita ng mga nasabing tagumpay ang patuloy na pag-unlad ng kakayahan ng mga yunit ng BHB na mag-inisyatibang maglunsad ng mga salakay, tambang at kumpiskasyon sa mga kalagayang paborable sa kanila; lumipol ng mga pwersang kaaway; at lumusot at sumira sa maliliit at malalaking operasyon ng kaaway.

Ilang halimbawa:

Noong Marso 23, pinasok ng isang yunit ng BHB ang baryo Munting Batangas sa Balanga, Bataan, at kinumpiska ang mga armas ng CHDF doon. Naganap nang walang labanan ang insidenteng ito. Sa pakikipagharap nila sa mga tauhan ng CHDF, ipinaliwanag ng mga Pulang mandirigma ang simulain ng rebolusyonaryong kilusan at ang layunin ng kumpiskasyon.

Noong Marso 25 naman, sa Halutong Gabon, Capas, Tarlac, nakasagupa ng tatlong Pulang mandirigma ang malaking pwersa ng PC at CHDF. Nasa kubo ang tatlo nang mamataan nila ang papalapit na mga kaaway. Agad nilang pinaputukan ang mga pasista. Nataranta ang kaaway at nawalan ng disposisyon. Pagkaraan ng 15-minutong labanan, isang sundalong PC at isang tauhan ng CHDF ang patay habang walang gasgas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Hindi maihihiwalay ang mga tagumpay na ito sa pagpapakasakit at pagkamartir ng mga Pulang mandirigma. Ang kabayanihan nila ang lalong nagpapainit sa rebolusyonaryong damdamin ng mga yunit ng BHB at ng masang tumatangkilik sa kanila.

Sa labanang naganap sa sityo Palublob, Sta. Lucia, Capas, Tarlac, noong Mayo 10, dalawang mandirigma ng BHB (sina Ka Selmo at Ka Mer) ang nagbuwis ng buhay nang tinambangan sila ng isang komando ng PC. Maraming kaaway ang pinatay ng mga Pulang mandirigmang sumugod bilang suporta sa pitong-oras na labanan.

Noong Mayo 11 naman, apat na Pulang mandirigma ang napaslang sa dalawang-oras na sagupaan sa pagitan ng isang yunit ng BHB at mga tropa ng PC/sa sityo Bakong Hermosa, Bataan. Sila ay sina Ka Lirio (Benedicto Deldoc) at Ka Rene (Patrocinio Siasat Jr.), kapwa taga-Samal, si Ka Mario ng Orani, at Ka Marlin ng Dinalupihan.

Sa panig ng kaaway, ayon sa Balita ng Malayang Pilipinas (BMP), 18 ang patay at maraming sugatan.

Pagkaraan ng dalawang araw, inihatid ng mahigit 2,000 mamamayan ng Samal ang mga bangkay nina Ka Lirio at Ka Rene sa libingan. Nagsuot sila ng pulang laso bilang pagpapahayag ng kanilang paghihimagsik.

Inilibing ang mga martir ng rebolusyon, sa salita ng Himagsik, "hindi upang ibaon sa limot kundi upang ipagpatuloy ang (kanilang) nasimulan na".

* * *

MINILIPOL NG MANDIRIGMANG MORO,
SUMALAKAY NA TROPANG AFP

Daan-daan ang patay at sugatan sa mga pwersa ng rehimeng Marcos nang maglunsad ang anim na batalyon ng malaking operasyon laban sa Hukbong Bangsa Moro (BMA) sa Lanao del Sur noong nakaraang Marso, ayon sa mga ulat mula Mindanaw.

Ang mga napuksa ay mga tauhan ng 6th Infantry Battalion, 11th IB, 12th IB, 16th IB, 26th IB at 29th IB.

Kakaunti ang nasawi sa panig ng BMA, ayon sa mga ulat, ngunit may 100 sibilyang pinatay ang mga sumalakay na tropang gobyerno.

Hindi iniulat ng mga peryodiko ni Marcos ang malaking kabiguang natamo ng rehimen sa digmang henosidyong isinasagawa nito laban sa masang Moro. Ang inamin lamang nila ay ang pagkamatay ng 27 sundalong PC sa isang ambus ng BMA noong Marso. Kabilang sa mga patay si Ten. Kor. Macabo Mangadato, pangalawang pinuno ng PC sa Lanao del Sur.

Pinabulaanan ng lakas na ipinakita ng BMA ang pagyayabang ng rehimen na malaki ang nababawas sa hanay ng mga mandirigmang Moro sa Lanao del Sur dahil umano sa pagsuko ng marami sa kanila sa gobyerno.

Ilan pang kaugnay na mga pangyayari:

1. Pinatalsik ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF) si Hashim Salamat sa Komite Sentral ng MNLF dahil sa kanyang pagiging palasuko at pakikipagsabwatan sa mga opisyal ng rehimeng Marcos. Ang MNLF ang organisasyong namumuno sa BMA.

2. Inaamin na ni Marcos sa mga dumadalaw na dayuhang peryodista na may panahong 19 na sundalo ng gobyerno ang karaniwang namamatay araw-araw dahil sa armadong pagtutol ng masang Moro. Ngunit ipinipilit niyang hindi na ganito kalubha ang pinsala sa rehimen sa ngayon.

3. Iniulat ng Mahardika, opisyal na organo ng Komite Sentral ng MNLF, na may 2,000 sibilyang Moro ang minasaker ng mga pwersa ni Marcos sa loob ng buwang kasunod ng pagpatay ng BMA kay Brig. Hen. Teodulfo Bautista sa Sulu noong Oktubre 10. Tatlumpu't apat na iba pang opisyal at sundalo ang kasama ni Bautista na namatay sa tambang ng BMA.

Ayon sa Mahardika, pinatalsik si Salamat dahil sa kanyang "kawalang-kakayahan, paglabag sa mga atas, at mga kataksilan sa loob ng kilusan". Si Salamat ang dating tagapangulo ng Komite sa Usaping Panlabas ng MNLF.

Kinukumpirmahan ng ulat sa Mahardika ang patalastas ni Hatimil Hassan, tagapagsalita ng MNLF, na nakikipagsabwatan si Salamat sa mga opisyal ng rehimen sa hangaring wasakin ang kilusang Moro.

Ayon kay Hassan, nakipagkita si Salamat sa mga embahador ng rehimen sa Saudi Arabia, Ehipto at Alheria upang gumawa sila ng "pirmadong mga kasunduan sa intensyong kumbinsihin ang mga kumander ng MNLF na sumuko sa gobyernong Pilipinas".

Bago nito, kung ilang ulit na ibinabalita ng mga peryodiko ni Marcos na "pinalitan" na ni Salamat si Nur Misuari bilang tagapangulo ng Komite Sentral ng MNLF.

Nabisto ang pakana ng rehimen nang ipatalastas mismo ni Salamat na sinusuportahan siya ng "Bangsa Moro Liberation Organization". Walang tauhan ang "organisasyong" ito na pinamumunuan umano ni Macapanton Abbas Jr. at iba pang mga ahente ni Marcos.

Sa harap ng taktika ni Marcos na paghati-hatiin ang hanay ng MNLF, patuloy namang kinikilala at tinatangkilik ng 42-bayang Komperensyang Islam ang MNLF bilang tanging lehitimong kilusan ng masang Moro sa kanilang pakikibaka para sa karapatang magpasya sa sarili.

Sa taunang pulong ng samahang ito sa Dakar, Senegal, sa unang bahagi ng taong ito, nanawagan muli ang komperensya sa mga kasaping bayan na ibigay sa MNLF ang lahat ng tulong na kanilang nakakayanan.

Nanawagan din ang komperensya na mag-usap muli ang pamahalaang Marcos at ang MNLF tungo sa kapayapaan, ngunit hinahadlangan ito ng rehimen, na naghahanap ng "solusyong militar" sa problema sa Mindanaw.

* * *

## NAGRALI ANG MGA TAGA-DAVAO LABAN SA PAMBOBOMBA NG REHIMEN

Naglunsad ang mga mamamayan ng lunsod ng Davao ng "prusisyon ng patay" nitong Hunyo 17 upang ihayag ang matagal na nilang kumukulong galit sa sunud-sunod na pambobomba't panggagranada ng mga ahente ng rehimeng Marcos sa iba't ibang dako ng Mindanaw.

Nakaluksa at may tangang plakard ang 2,000 maralita ng lunsod, manggagawa, estudyante, taong simbahan at mga propesyonal na nagmartsa sa mga lansangan ng Davao at naggumiit na bigyang katarungan ang mga biktima ng pambobomba.

Nakiisa ang libu-libo pang ibang mamamayan. Nagsilabasan sila sa kanilang mga bahay at opisina at tumayo sa gilid ng daan. Nag-uunahan silang basahin ang mga polyetong ipinamamahagi ng mga nagmartsa.

Ang ikinagagalit ng masa ay ang sunud-sunod na pambobomba sa mga sinehan, eskwelahan at iba pang publikong lugar sa siudad ng Davao at kabayanan ng karatig na mga probinsya.

Ang pinakahuli ay ang naganap noong Hunyo 12 sa palengke ng Bankerohan sa siudad ng Davao, kung saan 11 ang patay at marami ang sugatan. Kabilang sa mga namatay si Karen Guantero, isang social worker at organisador sa komunidad na tapat maglingkod sa mamamayan.

May 12 nang pambobomba mula Enero ng taong ito, ayon sa organisasyong naglunsad ng martsa, ang Nagmamalasakit na mga Mamamayan ng Davao Laban sa Pambobomba.

Tinukoy naman ng *Asdang*, rebolusyonaryong pahayagan sa Mindanaw, ang mga pambobomba sa Unibersidad ng Mindanaw sa siudad ng Davao noong Enero 19; sa Surian ng Teknolohia ng Mindanaw (MIT) sa Kabacan, North Cotabato, pagkaraan ng isang linggo; sa basketbolan sa Malabang, Lanao del Norte; sa sine Lyric sa siudad ng Davao; noong "Araw ng Davao"; at sa araw ng "eleksyon" ni Marcos noong Abril 7.

Lima ang namatay at 30 ang nasugatan sa Unibersidad ng Mindanaw; 24 ang nasugatan sa MIT, at 11 ang namatay sa basketbolan sa Malabang. Nakita ang ilang pasistang sundalo sa kampus ng Unibersidad ng Mindanaw ilang sandali bago ang pagsabog.

Higit na lumilinaw sa mga taga-Davao sa nakaraang mga buwan ang pakay ng rehimeng Marcos sa pambobomba: ang higit pang militarisasyon ng Davao at ibang bahagi ng Mindanaw.

Tinukoy ng nababahalang mga mamamayan na pinag-iibayo ng gobyerno ang pagtatatag ng panlabang pwersang paramilitar na tinatawag nitong "brigadang barangay tanod".

Sa lahat ng naganap na pambobomba't panggagranada, ang pinagbibintangan ng rehimen ay ang Bagong Hukbong Bayan at Hukbong Bangsa Moro (BMA).

Ngunit hindi nalilinlang ang masa ng Davao. Idinaos nga nila ang kanilang martsa upang tutulan ang pambobomba't militarisasyon ng rehimen sa kanilang lunsod at karatig na mga pook.

Dati-rati'y laganap ang kalungkutan sa maraming taga-Davao dahil sa walang-awang pagpatay sa kanilang mga kamag-anak, kaibigan at kababayan. Ngayo'y galit na ang nangingibabaw. Ito ang dahilan ng kanilang pagdaos ng pinakamalaki at pinakamilitanteng aksyong masa sa lunsod na iyon mula 1972.

Nakiisa ang halos lahat ng nakasaksi sa aksyong protesta. Nagbigay-galang ang mga tsuper at pasahero ng dyipni sa halip na mainip dahil nahinto ang trapik. Naging ang mga pulis na nagtatrapik ay nag-alis ng gora bilang pakikiramay at pakikiisa.

Nagdulot ng higit na sigla ang militansya ng mga maralita ng lunsod at manggagawa na ayon sa mga nag-organisa ng martsa ay "nagbigay ng pinakamalaking ambag" sa aksyong masang ito.

"Nagdagsaan sila sa martsa at dala pa nila ang mga bata't matanda," anito. Bagamat kapos sila, gumawa sila ng sarili nilang plakard at buong pagmamalaki nilang itinaas ang mga ito sa martsa."

Sa kanilang nagkakaisang pagkilos nitong Hunyo 17, malaki ang hakbang na isinagawa ng mga mamamayan ng Davao laban sa terorismo ng rehimen. Ngunit batid nila na kailangang ipagpatuloy ang pakikibaka: gumagala pa ang mga mamamatay-tao ng rehimen at patuloy ang militarisasyon sa Mindanaw.

"Sa harap nito, nararapat na manatili tayong alisto," anang Nagmamalasakit na mga Mamamayan ng Davao Laban sa Pambobomba. "Dapat nating lalong patatagin ang ating pagkakaisa at ihanda ang ating sarili sa mas malalaki at mas militanteng pagkilos sa hinaharap. Dapat lagi tayong handang igiit ang ating mga karapatan, ang katarungan at kalayaan."

* * *

## ITINAGUYOD SA MGA DEMONSTRASYON, DEMOKRATIKONG KARAPATANG BAYAN

Itinaas ng mamamayan ang bandila ng pagtutol noong Mayo 1, Araw ng Paggawa, at ipinakita ang tumitibay nilang pagbubuklud-buklod sa pakikibaka para sa karapatang bayan.

Nagdaos ng mga rali sa Samal, Bataan, at Catbalogan, Kanlurang Samar, ang libu-libong mamamayang iginigiit ang kanilang karapatang magpasya sa mga bagay na nauukol sa kanila.

Mahigit 2,000 manggagawa, magsasaka, mangingisda, propesyonal, bata at matanda, ang nagmula sa pitong baryo ng Samal at iba pang bayan ng Bataan para magprotesta laban sa pagkalason ng kapaligiran dahil sa Bataan Pulp and Paper Mills, Inc. (BPPMI).

Ayon sa ulat ng Himagsik, pahayagang masa sa Gitnang Luson, nagtungo ang masa sa munisipyo at sa pabrika ng papel upang hingin ang kabayaran sa nasira nilang kabuhayan dulot ng maruming tubig na iniluluwa ng pabrika.

Nanawagan din sila na kailangang maging malinis at malinaw ang tubig na dumadaloy sa palayan at mga pangisdaan.

Nanguna sa martsa ang Kilusan ng Mamamayan Laban sa Polusyon, ayon sa ulat ng Balita ng Malayang Pilipinas (BMP). Matapos nilang ligirin ang mga baryo ng Samal, dumating sila sa munisipyo kung saan sinikap ni Meyor Artemio Saldaña at mga opisyal ng PC na pigilin ang pagmartsa nila tungo sa pabrika.

Napilitang sumama ang alkalde sa masa nang iparinig sa kanya ang sarili niyang boses na nagsasalita sa teyp at nangangakong sasamahan silang makipag-usap sa BPPMI.

Pagdating sa pabrika, inalok ng kompanya ang mga mamamayan ng ₱63,000 bilang "tulong" sa kanila. Hindi ito tinanggap at sa halip ay iginiit nilang hindi lamang ilan ang bigyan ng tamang kabayaran kundi lahat ng napinsala ang kabuhayan.

Sa harap ng matatag nilang paninindigan, anang Himagsik, walang nagawa ang meyor kundi gumawa ng kasulatang kumakansela sa permiso ng BPPMI para sa patuloy na pag-andar. Agad namang sumagot ang tusong BPPMI na sasarhan na nila ang pagawaan. Tumutol ang mga manggagawa na hindi iyon ang pinag-uusapan kundi ang pagbawas sa polusyon kayat pumayag ang kompanya na patuloy ang pag-empleo sa kanila kahit na nakatigil ang produksyon ng papel.

Alam ng mamamayan na hindi pa natatapos dito ang kanilang pakikipaglaban sa BPPMI, na nabili kamakailan ng mga burges-komprador na Carlos Palanca at pamilyang Rufino mula sa Boise Cascade, isang imperyalistang korporasyon.

"Sa sama-samang pagkilos ay lalong tumatatag ang aming siglang magpunyagi tungo sa tagumpay," wika ng mga nagmartsa.

Ginunita ng Himagsik ang martsa ng mga taga-Samal noong Hunyo 26, 1977, laban din sa paglason sa kapaligiran na dulot ng pabrika. "Noong 1973 pa man," anang pahayagan, "kung anu-ano na ang ginawa (ng BPPMI) upang mabuwag ang matibay na pagkakaisa ng mamamayan, tulad ng panunuhol sa mga kapitan del baryo at magsasaka, subalit winalang-saysay ito ng mga mamamayan."

May 1,300 mamamayan naman ang nagrali sa Catbalogan, punong bayan ng Kanlurang Samar, noong ding Mayo 1. Nagsama-sama sila sa simbahan ng Catbalogan para pagtibayin ang pagkakaisa ng mga uring inaapi laban sa panggigipit ng estado at ng mga makapangyarihan.

Sumama sa rali ang mga mamamayan ng Calbiga, na sapilitang pinalikas sa mga baryo nila dahil sa kontra-rebolusyonaryong operasyong militar laban sa Bagong Hukbong Bayan sa Samar.

Nagrali rin ang mga magsasakang itinataboy sa malawak na lupaing pinagtayuan ng dalawang rantso. Sinasabing ang umaangkin sa lupain ay ang diktador na si Marcos.

Nagharap din ng daing ang mga mangingisdang nawawalan ng kabuhayan dahil sa pagpasok ng mga bapor-pangisdang trol na ang malaki't pinong lambat ay naglilimas sa mga isda sa baybay-dagat ng Catbalogan.

Lumahok din sa pagtitipon ang maraming mamamayang nakikiisa sa ipinaglalaban ng masa. Marami pang iba ang nagbot ng mga pahayag ng nagsipagrali dahil ipinarinig sa lokal na istasyon ng radyo ang buong takbo ng pagtitipon.

Samantala, nagdaos ng mga pulong sa maraming pagawaan sa Maynila-Rizal noong Mayo 1. Pinag-aralan ng mga manggagawa ang kanilang karanasan sa pakikibaka at nangakong pag-iibayuhin ang pagsulong sa kanilang rebolusyonaryong tungkulin.

* * *

## BAKIT TUMAAS ANG PRESYO NG MANTIKA, SABON, ATBP.?

Lalong nabalewala ang bagong minimum na sahod nang sundan ito ni Marcos ng panibagong pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihing tulad ng mantika, sabon at gatas.

Ang desisyon sa pagtataas ng presyo ay biglang inihayag noong Hunyo 6 ng Konseho sa Pagpapatatag ng Presyo (Price Stabilization Council o PSC) ni Marcos, nang walang idinaos na pagdinig para rito. Magkakabisa ang desisyon sa Hulyo 1.

Itinaas nang 67 porsiento ang presyo ng mantika. Ang mantikang ipinagbibili ng tingi sa mga botelya ng pampalamig (softdrinks) ay magkakahalaga na ngayon ng ₱1.05 bawat botelya mula sa dating 62 sentimos. Pinatungan ng 5 sentimos ang presyo ng bawat bareta ng sabon at 5 sentimos ang presyo ng bawat lata ng gatas.

Agad-agad nagpahayag ng malakas na pagtutol sa desisyon ng PSC ang tatlong pangunahing organisasyon ng mamimili sa Pilipinas--ang Kilusang Mamimili ng Pilipinas, Ink. (KMPI), Consumers Union of the Philippines (CUP) at Consumers Federated Groups of the Philippines (CFGP). "Kataiduran" ang ginawa ng PSC, anang mga mamimili. Dahil dito, anila, tataas ang presyo ng iba pang bilihim.

Nanawagan pa ang KMPI na buwagin ang PSC.

Lalong nagpagalit sa mga mamimili ang pangyayaring ganoon ang naging desisyon ng PSC kahit binawi na ng mga kompanya ng gatas ang kanilang petisyong itaas ang presyo ng kanilang produkto.

Bilang palusot, sinabi ni Troadio Quiazon, ang tagapangulo ng PSC at kalihim (ngayo'y ministro) ni Marcos sa pangangalakal, na kailangang itaas ang presyo ng mga bilihing ito dahil malapit nang maubos ang panustos o subsidy na ibinibigay ng gobyerno sa mga gumagawa ng produkto ng niyog.

Ang pagnanakaw ng pasistang pangkating Marcos sa pondong panustos ang mabilis na umubos dito. Tinatakpan lamang ni Quiazon ang pangunahing dahilan sa pagtataas ng presyo: ang pamimilit ng mga imperyalista sa rehimeng Marcos na itaas ang presyo ng kanilang produkto.

Tulad ng iba pang industria sa Pilipinas, pag-aari o kontrolado ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano at iba pang dayuhang kapitalista ang mga industria ng mantika, sabon at gatas.

May anim na kompanya sa industria ng gatas. Ang apat ay subsidiaryo ng mga imperyalistang kompanya sa Estados Unidos at ang dalawa naman ay lisensyado nila. Pinakamalaki sa mga kompanyang ito ang Carnation

Philippines, isang subsidiaryo ng Carnation Co. U.S.A. Ito ang ika-57 sa listahan ng pinakamalalaking kompanya sa Pilipinas ngayon. Limpak-limpak ang tinutubo nito. Noong 1977, nadagdagan nang 200 porsiento ang tinubo nito sa loob ng isang taon.

Monopolisado ang industria ng sabon ng tatlong malalaking kompanyang dayuhan. Ang dalawa rito--Procter & Gamble / PMC at Colgate-Palmolive Phils., Inc.--ay pag-aari ng Amerikano; samantalang ang isa pa--Philippine Refining Co.--ay pag-aari naman ng mga Britaniko, na may malaking sosyohan din naman sa mga kapitalistang Amerikano. Napupunta sa tatlong kompanyang ito ang 98 porsiento ng kabuuang benta at kita ng industria ng sabon.

Hindi tuwiran at lubusang hawak ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano ang industria ng mantika. Subalit hindi dahil sa Pilipino ang nangingibabaw rito. Hinayaan ng mga imperyalistang Amerikano na mahawakan ang industriang ito ng mga komprador nilang Kumintang at monopolyo kapitalistang Hapon. Gayunma'y tangan pa rin ng mga kapitalistang Amerikano ang produksyon ng iba pang produkto ng niyog at ang pangangalakal ng kopra sa pandaigdigang pamilihan.

Ang pinakamalaking kompanya sa industriang ito ay ang Lu Do & Yu Ym Corporation, na pag-aari ng mga Kumintang. Ang susunod na pinakamalaki ay ang Legaspi Oil Co. Pag-aari ito ng Mitsubishi Corporation, isang monopolyong Hapon, at Ayala Corporation, isang malaking korporasyong komprador.

Tumaas ang presyo ng kopra sa pandaigdigang pamilihan sa mga nagdaang buwan, laluna sa unang apat na buwan ng taong kasalukuyan. Katunaya'y ang kopra ngayon ang kumikita ng pinakamalaki sa lahat ng kinakalakal ng rehimeng Marcos sa daigdig.

Sa kagustuhang kumita nang malaki sa pangyayaring ito, nagmaniobra ang mga imperyalista upang maitaas ang presyo ng kopra at lahat ng produktong kopra.

Subalit nang salubungin sila ng malakas na pagtutol ng mga grupo ng mamimili, nagbago ng taktika ang mga imperyalista. Binawi nila ang kanilang petisyon at kasabay nito'y lihim nilang pinilit ang rehimeng Marcos na sundin ang kanilang gusto. Bilang masunuring tuta, sumunod agad si Marcos sa utos ng kanyang mga amo. Subalit hindi rin niya pinalampas ito nang hindi nakakakuha ng pabor para sa kanyang sarili. Sinunggaban niya ang pagkakataon para mapagtakpan ang malakihang pagnanakaw sa pondong panustos.

Malantad ng mga maniobrang ito ng mga imperyalista at ng papet nilang rehimen ang pagkabangkarote ng "sinosyalisang presyo" ni Marcos. Sinimulan ang pakanang ito noong Hunyo 1970 nang pagtibayin ang Batas sa Pagkontrol ng Presyo.

Sa ilalim nito, nilayong itakda ang opisyal na presyo ng ilang piling bilihin.

Subalit sa mga taong nagdaan, hindi lamang nabigo nang tuluyan ang pakanang pagkontrol sa presyo. Pinalala pa nito ang monopolyo, pagtatago ng paninda, ispekulasyon, manipulasyon at pagkamal ng labis-labis na tubo. Dagdag dito'y ninanakaw lamang ng mga opisyal ang sinisingil para sa pondong panustos sa industria ng niyog.

Pinatutunayan ng lahat ng ito ang pagkatuta ng rehimeng Marcos sa imperyalismong Amerikano. Pinatutunayan din nito na imposibleng makontrol ang presyo sa isang ekonomiang kontrolado ng imperyalismo, o monopolyo kapital, tulad ng ekonomia ng Pilipinas.

Hindi posible ang sosyalisadong kontrol ng presyo sa Pilipinas sa kasalukuyan. Pag-aari at kontrolado ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at ng kanilang ahenteng komprador ang kasangkapan ng produksyon sa bayan. Kayat tanging sila ang may kapangyarihang magtakda ng presyo ng kanilang produkto.

Kapitalista sila, kayat tubo ang tanging habol nila sa pagtatakda ng presyo. Monopolista sila, na wala halos kakumpitensya, kayat malaya nilang naididikta ang presyong gusto nila. Sa ganitong paraa'y nakakamal nila ang pinakamalaking tubo.

Walang halaga sa kanila ang labis na paghihirap ng mamamayan bunga ng mataas na presyo ng bilihin. Sagad sa buto ang kanilang kaswapangan. Hindi lamang tubo, kundi malalaking tubo, ang kanilang hangad.

Ang walang tigil na pagkamal ng tubo ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano mula sa pagtatrabaho ng masang anakpawis ang batayang dahilan ng patuloy na pagtaas ng presyo sa Pilipinas.

* * *

## MARAMING HUHINTO SA PAG-AARAL DAHIL SA PAGTAAS NG MATRIKULA

Humigit-kumulang sa 100,000 estudyanteng mahihirap ang tumitigil ng pag-aaral taun-taon dahil hindi nila makayanan ang patuloy na pagtaas ng matrikula, pasahe, at presyo ng kagamitan sa eskwela, ayon sa Ministeryo ng Edukasyon at Kultura ng rehimen.

Ayon sa Presidential Commission to Survey Philippine Education (PCSPE), sa bawat 100 batang pumapasok sa Grade I, 56 lamang ang nakakatapos ng Grade VI, 23 lamang ang nakakatapos ng hayskul at 12 lamang ang nakakatapos ng kolehiyo.

Subalit sa halip na remedyuhan ng rehimeng Marcos ang problemang ito, lalong pinahihirapan ang mga estudyante. Noong Marso, 700 pribadong eskwelahan ang pinayagan ng rehimen na magtaas muli ng matrikula.

Sa katotohana'y pinapayagan ng Dekreto ng Pangulo 451 ang mga pribadong paaralan na magtaas ng tuisyon nang 15 porsiento bawat taon. Bunga nito, halos 100 porsiento na ang itinaas ng matrikula sa maraming kolehiyo't unibersidad sa Metro Manila at ibang bahagi ng bayan mula 1972.

Ibinibigay ng Ministeryo ng Edukasyon at Kultura ang permisong magtaas ng matrikula kung mapatutunayan ng bawat eskwelahan na ito'y nalulugi o malulugi kung hindi bigyan ng kaluwagan. Ngunit karaniwa'y dinodoktor nila ang kanilang mga libro de kwenta.

Sa ilang kaso, natutulak ang mga kapitalistang may-ari ng eskwela na humingi ng kaluwagan dahil sa mataas na buwis na ipinapataw sa kanila ng rehimen, lumalaking sahod ng guro at empleado, at malaking gastos para sa mga pasilidad. May basbas ng rehimen ang pagpapasa nila ng pasanin sa mga estudyante't kanilang magulang.

Sa iba namang kaso, nais lamang dagdagan pa ng kapitalista ang malalaki na nga niyang tubo.

Sa nais nilang bigyang-matwid ang pagtataas ng tuisyon, sinasabi ng mga kapitalistang ito na gusto nilang bigyan ng umento ang mga guro at iba pang empleado, at ayusin ang mga pasilidad tulad ng gusali, silid-aralan, laboratoryo, aklatan at kubeta.

Hindi posible ang sosyalisadong kontrol ng presyo sa Pilipinas sa kasalukuyan. Pag-aari at kontrolado ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at ng kanilang ahenteng komprador ang kasangkapan ng produksyon sa bayan. Kayat tanging sila ang may kapangyarihang magtakda ng presyo ng kanilang produkto.

Kapitalista sila, kayat tubo ang tanging habol nila sa pagtatakda ng presyo. Monopolista sila, na wala halos kakumpitensya, kayat malaya nilang naididikta ang presyong gusto nila. Sa ganitong paraa'y nakakamal nila ang pinakamalaking tubo.

Walang halaga sa kanila ang labis na paghihirap ng mamamayan bunga ng mataas na presyo ng bilihin. Sagad sa buto ang kanilang kaswapangan. Hindi lamang tubo, kundi malalaking tubo, ang kanilang hangad.

Ang walang tigil na pagkamal ng tubo ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano mula sa pagtatrabaho ng masang anakpawis ang batayang dahilan ng patuloy na pagtaas ng presyo sa Pilipinas.

* * *

## MARAMING HUMIHINTO SA PAG-AARAL DAHIL SA PAGTAAS NG MATRIKULA

Humigit-kumulang sa 100,000 estudyanteng mahihirap ang tumitigil ng pag-aaral taun-taon dahil hindi nila makayanan ang patuloy na pagtaas ng matrikula, pasahe, at presyo ng kagamitan sa eskwela, ayon sa Ministeryo ng Edukasyon at Kultura ng rehimen.

Ayon sa Presidential Commission to Survey Philippine Education (PCSPE), sa bawat 100 batang pumapasok sa Grade I, 56 lamang ang nakakatapos ng Grade VI, 23 lamang ang nakakatapos ng hayskul at 12 lamang ang nakakatapos ng kolehiyo.

Subalit sa halip na remedyuhan ng rehimeng Marcos ang problemang ito, lalong pinahihirapan ang mga estudyante. Noong Marso, 700 pribadong eskwelahan ang pinayagan ng rehimen na magtaas muli ng matrikula.

Sa katotohana'y pinapayagan ng Dekreto ng Pangulo 451 ang mga pribadong paaralan na magtaas ng tuisyon nang 15 porsiento bawat taon. Bunga nito, halos 100 porsiento na ang itinaas ng matrikula sa maraming kolehiyo't unibersidad sa Metro Manila at ibang bahagi ng bayan mula 1972.

Ibinibigay ng Ministeryo ng Edukasyon at Kultura ang permisong magtaas ng matrikula kung mapatutunayan ng bawat eskwelahan na ito'y nalulugi o malulugi kung hindi bigyan ng kaluwagan. Ngunit karaniwa'y dinodoktor nila ang kanilang mga libro de kwenta.

Sa ilang kaso, natutulak ang mga kapitalistang may-ari ng eskwela na humingi ng kaluwagan dahil sa mataas na buwis na ipinapataw sa kanila ng rehimen, lumalaking sahod ng guro at empleado, at malaking gastos para sa mga pasilidad. May basbas ng rehimen ang pagpapasa nila ng pasanin sa mga estudyante't kanilang magulang.

Sa iba namang kaso, nais lamang dagdagan pa ng kapitalista ang malalaki na nga niyang tubo.

Sa nais nilang bigyang-matwid ang pagtataas ng tuisyon, sinasabi ng mga kapitalistang ito na gusto nilang bigyan ng umento ang mga guro at iba pang empleado, at ayusin ang mga pasilidad tulad ng gusali, silid-aralan, laboratoryo, aklatan at kubeta.

Ngunit ibinubulsa lamang nila ang karagdagang kita o ibinabahagi sa mga opisyal ng Ministeryo ng Edukasyon at Kultura. Nananatiling mababa ang sahod ng mga guro at ibang empleado, at nagtitiyaga naman ang mga estudyante sa siksikang mga kwarto at luma't sira-sirang pasilidad.

Isa pang problema ng mga estudyante't kanilang magulang, bukod sa labis-labis na matrikula, ay ang papataas na presyo ng mga pangangailangan sa eskwelahan tulad ng libro, papel, kwaderno, lapis, bolpen, kagamitan sa laboratoryo at uniporme.

Samantala, sa mga mababa at mataas na paaralang publiko, nariyan ang dati nang mga problema tulad ng kakulangan ng guro, kwarto, silya, libro, kagamitan sa pagtuturo, at iba pang mga pangangailangan sa eskwelahan.

Responsibilidad ng gobyerno ang edukasyon ng lahat ng mamamayan, ngunit pinababayaan ito. Palaging kulang ang pondo para sa edukasyon, at bunga nito'y dumarami ang mga bata at kabataang tumitigil sa pag-aaral taun-taon.

Walang maaasahang lunas ang mga kabataan sa rehimen, kaya nagkakaisa na silang kumikilos upang maghanap ng kalutasan sa kanilang mga problema.

Noong 1977, halimbawa, may 180,000 hanggang 200,000 estudyante ang naglunsad ng boykoteo at iba pang aksyong masa sa Metro Manila at iba pang bahagi ng bayan upang tutulan ang walang-habas na pagtaas ng tuisyon. Sumama sa protesta ang mga magulang at maraming guro.

Dahil nakakaharap ng determinadong protesta ng mga estudyante, napipilitang umatras ang rehimeng Marcos. Pinipigil o binabawasan ang dagdag sa tuisyon. Ngunit ang tanging pakay ay pigilin ang militanteng kilusang estudyante.

Sa ngayo'y naghahanda ang masa ng estudyante sa mas mataas na anyo ng pakikibaka hindi lamang upang pigilin ang taunang pagtaas ng gastos sa pag-aaral kundi upang pawiin ang malakolonyal, malapeudal at pasistang nilalaman ng edukasyon.

* * *

UMANIB SA BHB: 1 TENYENTE,
2 SUNDALO SA S. KABISAYAAN

Kasama ngayon ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Silangang Kabisayaan ang tatlong dating sundalo ng gobyerno--isang naging second lieutenant ng PC, isang constable first class (C1C), at isang draftee ng Hukbo ng Pilipinas (PA).

Ibinalita ito ng koresponsal ng *Ang Bayan* sa rehiyon pagkaraang maibalita ang pag-anib ng dalawang trainee ng PA sa BHB sa Cagayan Valley (*Ang Bayan*, Mayo 31, 1978).

Sumama ang tenyente sa BHB noong 1976. Sumapi ang dalawa pang iba noong 1977. Kasama ng ibang Pulang mandirigma, napapalaban na sila sa dati nilang mga kasamahan sa reaksyonaryong armadong pwersa.

Ayon sa ulat, may ugnay na ang tenyente sa mga pambansang demokratikong organisasyon ng kabataan bago pa man magbatas militar. Tumaas ang pampulitikang kamalayan nang makita niya mismo ang pag-aabuso't katiwalian sa loob ng PC.

Gumawa siya ng ugnay sa rebolusyonaryong kilusan at hinangad niyang maging Pulang mandirigma rin. Natuloy ito noong kalagitnaan ng 1976.

Ngunit ibinubulsa lamang nila ang karagdagang kita o ibinabahagi sa mga opisyal ng Ministeryo ng Edukasyon at Kultura. Mananatiling mababa ang sahod ng mga guro at ibang empleado, at nagtitiyaga naman ang mga estudyante sa siksikang mga kwarto at luma't sira-sirang pasilidad.

Isa pang problema ng mga estudyante't kanilang magulang, bukod sa labis-labis na matrikula, ay ang papataas na presyo ng mga pangangailangan sa eskwelahan tulad ng libro, papel, kwaderno, lapis, bolpen, kagamitan sa laboratoryo at uniporme.

Samantala, sa mga mababa at mataas na paaralang publiko, nariyan ang dati nang mga problema tulad ng kakulangan ng guro, kwarto, silya, libro, kagamitan sa pagtuturo, at iba pang mga pangangailangan sa eskwelahan.

Responsibilidad ng gobyerno ang edukasyon ng lahat ng mamamayan, ngunit pinababayaan ito. Palaging kulang ang pondo para sa edukasyon, at bunga nito'y dumarami ang mga bata at kabataang tumitigil sa pag-aaral taun-taon.

Walang maaasahang lunas ang mga kabataan sa rehimen, kaya nagkakaisa silang kumikilos upang maghanap ng kalutasan sa kanilang mga problema.

Noong 1977, halimbawa, may 180,000 hanggang 200,000 estudyante ang naglunsad ng boykoteo at iba pang aksyong masa sa Metro Manila at iba pang bahagi ng bayan upang tutulan ang walang-habas na pagtaas ng tuisyon. Sumama sa protesta ang mga magulang at maraming guro.

Tuwing nakakaharap ng determinadong protesta ng mga estudyante, napipilitang umatras ang rehimeng Marcos. Pinipigil o binabawasan ang dagdag sa tuisyon. Ngunit ang tanging pakay ay pigilin ang militanteng kilusang estudyante.

Sa ngayo'y naghahanda ang masa ng estudyante sa mas mataas na anyo ng pakikibaka hindi lamang upang pigilin ang taunang pagtaas ng gastos sa pag-aaral kundi upang pawiin ang malakolonyal, malapeudal at pasistang nilalaman ng edukasyon.

## UMANIB SA BHB: 1 TENYENTE, 2 SUNDALO SA S. KABISAYAAN

Kasama ngayon ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Silangang Kabisayaan ang tatlong dating sundalo ng gobyerno--isang naging second lieutenant ng PC, isang constable first class (C1C), at isang draftee ng Hukbo ng Pilipinas (PA).

Ibinalita ito ng koresponsal ng Ang Bayan sa rehiyon pagkaraang maibalita ang pag-anib ng dalawang trainee ng PA sa BHB sa Cagayan Valley (Ang Bayan, Mayo 31, 1978).

Sumama ang tenyente sa BHB noong 1976. Sumapi ang dalawa pang iba noong 1977. Kasama ng ibang Pulang mandirigma, napapalaban na sila sa dati nilang mga kasamahan sa reaksyonaryong armadong pwersa.

Ayon sa ulat, may ugnay na ang tenyente sa mga pambansang demokratikong organisasyon ng kabataan bago pa man magbatas militar. Tumaas ang pampulitikang kamalayan nang makita niya mismo ang pag-aabuso't kabulukan sa loob ng PC.

Gumawa siya ng ugnay sa rebolusyonaryong kilusan at hinangad niyang maging Pulang mandirigma rin. Natuloy ito noong kalagitnaan ng 1976.

Umalis naman ang C1C sa PC nang hindi na niya masikmura ang kawalang-katarungan sa hamay nito. Ayon sa kanya, pinaparusahan ang mga karaniwang sundalo kahit walang kasalanan o may kaunting pagkakamali, sa harap ng pagkukunsinti sa mga opisyal na may mabibigat na kasalanan.

Ang draftee naman ay umalis sa PA nang malaman niyang inililipat ang kanyang yunit papuntang timog-kanlurang Mindanaw para lumaban sa digmaang panlipol ng pasistang rehimeng Marcos sa mga mamamayang Moro.

Magkamag-anak ang C1C at ang draftee, at magkasabay silang umanib sa BHB. Umugnay sila sa pamamagitan ng kanilang mga kaibigan na aktibong tumutulong sa hukbong bayan sa kanayunan ng Samar. Bitbit ng C1C ang kanyang ripleng M-16.

Tinuruan ng reaksyonaryong gobyerno ang mga sundalong ito na apihin ang masa. Ngayo'y ginagamit ang kanilang kaalamang militar upang isulong ang armadong pakikibakang magpapalaya sa bayan sa pagsasamantala at pang-aapi.

* * *

## LALONG INIIPIT NG REHIMEN ANG MGA MARALITA NG LUNSOD

Libu-libong maralita sa mga lunsod ng Cebu, Cagayan de Oro, Batangas at Davao ang biktima ng pangangamkam ng lupa at kapabayaan ng rehimeng Marcos. Pinalalayas sila sa kanilang mga bahay upang bigyan-daan ang mga "proyekto sa pagpapaunlad" ng rehimen.

Iniulat ng Pakigbisog (Pakikibaka), pahayagang masa sa Cebu, ang balak ng palayasin ang 60,000 maralita ng lunsod mula sa 10 komunidad sa siudad ng Cebu upang itayo ang isang pook pang-industria na pag-aari ng Malayan Integrated Corporation (MIC). Ang korporasyon ay pinangungunahan ni Josefa Edralin Marcos, ina ng pasistang diktador.

Subalit nahihirapan ang mga tagagiba na sundin ang utos ni Eulogio Borres, alkalde ng Cebu, dahil sa mahigpit na pagtutol ng nagkakaisang maralita ng lunsod.

Nagmartsa naman sa city hall ng Cebu ang mamamayan ng Alaska, isa sa mga komunidad na gigibain, upang harapin sina Borres, ibang mga opisyal ng Cebu at mga kinatawan ng Banko Mundyal na siyang nagpapahiram ng gastos sa proyekto.

Ayon sa mga taga-Alaska, hindi man lamang sila kinunsulta ng mga opisyal ng Cebu at Banko Mundyal tungkol sa pagtatayo ng proyekto gayong sila ang unang-unang mapipinsala.

Sinabi rin nila na ang paglilipatan sa kanila sa Canduman, Mandawe, ay wala pang bahay, tubig, kuryente o anumang pasilidad. Napakalayo pa nito sa lugar ng kanilang trabaho.

Kitang-kita ng masa ang malinaw na papel ng diktador na si Marcos sa pagpapalayas sa kanila. Ayon kay Borres, batay sa Liham Atas Blg. 555 ni Marcos, dapat palayasin ang mga maralita ng lunsod upang simulan ang "kilusan sa paglilinis ng mga komunidad" ng "bagong lipunan".

Batay sa plano ng MIC, kakamkamin ng kompanya ang mahigit sa 300 ektarya mula sa dalampasigan ng Dulho hanggang Talisay, sa hilaga ng Cebu. Dito itatayo ang isang makabagong daungan, palengke at mga aliwan para sa mga turista at mayayaman ng Cebu.

Sa Cagayan de Oro naman, 150 bahay sa baryo Macabalan ang gigibain bilang pagtupad sa programa ng rehimeng Marcos na "pagandahin at paunlarin" ang mga pook ng mahihirap.

Ayon sa programa para sa Macabalan, gagawing tirahan ang 29 ektarya at 17 naman ang para sa komersyal upang "mapaunlad at mapaganda" ang baryo. Ipagbibili raw sa mga mahirap ang lote sa halagang ₱33 bawat metro kwadrado na babayaran sa loob ng 25 taon. Sa paghihirap na dinaranas ng masa sa Macabalan, hindi nila mabibili ang lote.

Samantala, hindi binabanggit sa programa ng "pagpapaunlad at pagpapaganda" ng baryo kung saan ililipat pansamantala ang mga taong palalayasin sa kanilang mga bahay.

Ang "proyekto sa pagpapaunlad" ng rehimen ang dahilan pa rin ng paghihirap ng 2,000 maralita ng lunsod sa Batangas na karamihan ay mangingisda at manggagawa sa daungan. Pinalilipat sila ng tirahan sa lugar na malayo sa kanilang hanapbuhay.

Sinabi ng masa na papayag silang umalis kung ililipat sila sa isang pitong-ektaryang lupaing malapit sa daungan. Hanggang ngayon ay walang sagot ang lokal na pamahalaan sa kanilang mungkahi.

Biktima naman ng pagpapabaya ng gobyerno ang masang maralita sa siudad ng Davao. Hanggang ngayon, hindi pa tinutupad ng pamahalaan sa pamumuno ni Alkalde Luis Santos ang pangakong bomba sa tubig para sa masa ng baryo Buhangin.

Dahil dito, nagmartsa sa city hall ang mga taga-Buhangin upang hingin kay Santos na tupdin ang kanyang pangakong maglagay ng bomba sa tubig. Nang makita nilang pinagtataguan sila ng mga opisyal, natulog sila sa loob ng city hall bilang protesta sa kapabayaan ng pamahalaan.

Nagdala naman ng pagkain para sa mga natulog sa city hall ang ibang taga-Buhangin para ipakita ang kanilang pakikiisa.

Umalis lamang ang mga nagmartsa nang masiguro nilang tutupdin ng mga opisyal ang kanilang pangako.

* * *

## NANGGUGULO SA KAMPUCHEA ANG MGA IMPERYALISTA

Hindi pa nawawalan ng pag-asang manggulo ang imperyalismong Amerikano matapos itong masipa sa Indotsina. Pinatutunayan ito ng mga balita tungkol sa pagsalakay umano ng Demokratikong Kampuchea sa kanugnog na Taylandia kamakailan.

Buong tuwang ikinalat ng mga pahayagang imperyalista sa buong mundo kung paano minasaker daw ng mga sundalong Kampucheano ang mga mamamayang Tay sa purok hangganan ng dalawang bayan. Puno pa ng madudugong detalye ang pagkukwento nila sa mga "barbaridad" na umano'y ginawa ng mga sumalakay.

Pero sa malao't madali ay lumilitaw rin ang totoo. Sang-ayon sa mga peryodistang may malasakit sa katotohanan, gawa-gawaan lamang ng mga imperyalistang Amerikano ang mga kwentong iyon. Ayon na rin sa masa sa lugar na sinalaky, mga reaksyonaryong tropang Tay at mersenaryo ang nagmasaker, hindi ang hukbo ng Demokratikong Kampuchea.

Lumabas sa pagsisiyasat na kumikilos sa naturang lugar ang isang grupo ng mga bandidong sinusustentuhan ng CIA o Central Intelligence Agency, ang pandaigdigang aparato sa pag-eespia ng imperyalismong Amerikano. Khmer Serei ang tawag sa nabanggit na grupo.

Nabulgar sa masa kung paano itinatago ng Khmer Serei ang kontra-rebolusyonaryo nilang gawain, nang sitahin sa isang baryo ang isang bus na sa malas ay sasakyan ng isang eskwelahang relihiyoso.

Nadiskubre na may lulan ang bus, bukod sa 30 pasahero, na mga M-16, granada at bala at sapat na pagkain para tatlong buwan. Pagdating ng reaksyonaryong pulisyang Tay, ibinulong sa kanila ng isang pasahero ang pangalan ng Khmer Serei. Agad pinawalan ang bus at kahina-hinalang kargo nito.

Bago pa lumaya ang Kampuchea noong 1975, aktibo na ang Khmer Serei. Sa tawag na Khmer Krom ng Kampuchea (KKK), sumanib sila noon sa reaksyonaryong tropa ng rehimeng E.U.-Lon Nol at naging bantog para sa kanilang mala-halimaw na kalupitan.

Ang mga mersenaryo ay ginamit din ni Lon Nol laban sa minoryang Bietnames sa Kampuchea. Binayaran sila ng papet na diktador para sulsulan ang masa ng Kampuchea laban sa minoryang Bietnames sa bayan nila.

Sa kabilang panig naman, may mga bayarang taga-timog Bietnam din sa reaksyonaryong hukbo ni Lon Nol. Ginagamit ang galit nila sa mga naunang masaket ng minoryang Bietnames, laban sa rebolusyonaryong masang Kampucheano. Sinasabing magkasingbangin sila ng Khmer Krom.

Ang lahat ng ito ay nangyari noong nakaraang panahon ng digma ng pambansang pagpapalayang sabay-sabay na ipinagpapatuloy ng rebolusyonaryong mamamayang Bietnames, Kampucheano at Lao sa Indotsina.

Ngayong nakalaya na ang mamamayan ng tatlong bayan at abala sila sa pagtatayo ng kani-kanyang pambansang ekonomia, wala pa ring tigil ang pang-iintriga at pakikialam ng mga imperyalistang Amerikano.

Pinag-aaway-away ang magkakapatid na bayan sa pag-asang sa ganito'y babagsak ang mga bagong-tayong estadong rebolusyonaryo at makababalik ang mga imperyalista sa imbi nilang paghahari.

* * *